PANGKAT 2. Ang kautusang ito ay magkakabisa mula sa pagkakapatibay.

Pinagtibay ng Batasang Bayan ng Lungsod ng Maynila sa karaniwang pulong nito ngayong ika-19 ng Mayo, 1970.

PINAGTIBAY ng Kanyang Kamahalan, ang Gatpuno ngayong ika-4 ng Setyembre, 1970.

PINAGTIBAY:

ANTONIO J. VILLEGAS
Punong Lungsod
ng Maynila

F. REYES CABIGAO
Pangalawang Punong Lungsod
at Tagapangulo, Batasang Bayan

PINATUTUNAYAN:

SERAFIN P. MANALO
Kalihim ng Gatpuno

JOSE J. ATIENZA
Kalihim, Batasang Bayan

GPM/lqa

KAUTUSAN BLG. 6950

RECEIVED AUG 2 ? 197?
No: 3179

KAUTUSANG NAGPAPANGALAN NG "LUNDUYANG PANGKALUSUGANG PEDRO GIL" SA DATING "SASES HEALTH CENTER" NA NASA SAN ANDRES SUBDIVISION, STA. ANA.

SAPAGKAT, ang nasirang Pedro Gil, na isang manggagamot, ngunit sa puso ay batikang mamamahayag, tampok na mambabatas, masugid na pulitiko at makabayang diplomatiko, ay kinilalang huwaran ng pulitika sa Maynila - na taglay ang lahat ng katangian ng tunay na kinatawan ng bayan - ay walang tinaguyod, sa mahabang panahong kanyang ipinaglingkod sa bayan, kundi ang mapaunlad ang kapakanang pambayan;

SAPAGKAT, siya rin ang puspusan at nagiisang lumaban, bago ang ibang pulitiko, sa pagtataas ng singil ng "Manila Electric Company" at ng "Manila Gas Corporation";

SAPAGKAT, buong kaningningan niyang kinatawan ang ikalawang purok ng Maynila sa loob ng tatlong sunod na panunungkulan sa Kamara de Representante at nagangkin ng pagkilala sa pagiging kagawad ng Legislatura Unicameral sa panahon ng Komonwelt;

SAPAGKAT, samantalang kinatawan sa Kamara de Representante, siya ay naging kagawad sa dalawang misyon sa ipagkakamit ng kalayaan sa Estados Unidos; ang una'y sa pamumuno ng noon ay Pangulo ng Senado Manuel Luis Quezon, at sa ikawalong misyon, sa pangungulo ng noon ay Espiker Manuel A. Roxas, na sa pagsisikap nito'y nangyaring mapagtibay ang Batas Tydings-McDuffie o ang Batas sa Kalayaan ng Pilipinas;

SAPAGKAT, bilang masigasig na diplomatiko, napagtagumpayan niyang maitaas ang misyon ng Pilipinas at Arhentina mula sa pagka-misyon sa antas ng embahadorya at bilang pagkilala sa natatangi niyang paglilingkod sa pagpapalawig ng ugnayan ng dalawang bansa, ay iginawad sa kanya ng pamahalaang Arhentina ang "La Gran Cruz de la Orden de Mayo al Merito", ang pinakamataas na dekorasyon na naigawad sa isang diplomatiko;

SAPAGKAT, sa pamamagitan ng kanyang tiyaga at sikap, ang "Sases Health Center" ay natatag bagay na dapat kilalaning utang na loob sa kanya ng mga taga-Maynila; at

SAPAGKAT, ang pagpapangalan ng "Sases Health Center" sa kanya ay isang naaangkop na pagkilala ng utang na loob ng sambayanang Maynila at isang paraan upang parangalan ang kanyang alaala: Dahil dito'y

IPINAPASIYA ng Batasang Bayan ng Lungsod ng Maynila, na:

PANGKAT 1. Ang "Sases Health Center" ay pinapangalanang "Lunduyang Pangkalusugang Pedro Gil."